# 多言語情報コーナー　（令和６年　７月号）

## 1. Pag-iwas sa Heat Stroke

Bawat taon ay dumarami ang mga araw na tumataas ang temperatura na lampas 35 degrees centigrade. Dahil dito ay marami na rin ang ang dinadala sa emergency room ng mga ospital dulot ng Heat Stroke.
Bilang panukala upang makaiwas sa bagay na ito ay ang “Acclimatization” o ang pagsasanay sa ating katawan sa klima o panahon partikular ang tag-init. Dapat malaman ang mga pamamaraan upang isanay ang ating katawan sa darating na aktwal na tag-init na panahon at maiwasan ang heat stroke.
Kapag ikinikilos ang katawan dahil sa ehersisyo o pagtratrabaho, lumilikha ito ng pagtaas ng temperatura sa buong pangangatawan. At ito ay kinokontrol na rin ng katawan natin mismo sa pamamagitan ng pagpapawis na kung saan lumalabas sa ating balat. Dahil dito ay bumibilis ang pintig ng ating puso at paglaki ng ating mga ugat na dinadaluyan ng ating dugo. Kung hindi makontrol ang naiipon na init sa loob ng ating katawan ay magiging sanhi ito ng mararanasang heat stroke.
Ang aklimitasyon ng ating katawan ay maaaring magawa sa ilang araw hanggang sa dalawang linggo depende ito sa pangangatawan ng isang tao. Bago pa man dumating ang aktwal na tag-init ay kailangan na sanayin ang ating sarili sa pamamagitan ng paggawa ng ilang magaan na ehersisyo tulad ng paglalakad at iba pa. Maaari rin na maligo upang bahagyang pawisan.
Kapag tumaas ang temperatura sa tag-init, siguraduhing uminom ng maraming tubig, magsuot ng preskong damit, iwasan ang araw at manatili sa isang malamig na lugar sa pamamagitan ng paggamit ng air conditioner. Gayundin, panatilihing malusog ang pangangatawan sa pamamagitan ng wastong pagkain at pagtulog nang maayos at bigyang pansin ang impormasyon ng heatstroke tulad ng "Heatstroke Warning Alert" upang makaiwas sa matinding init.

## 2. Tungkol sa Pagtatapon ng “Not Burnable” na Basura Spray Cans at Iba pa.

Sa pagtatapon ng mga basura gaya ng “Non burnable”, spray cans, hazardous at maliliit na home appliances ay hinihiling na ilagay ito sa transparent o naaaninag na plastic bags upang malaman kaagad ang nilalaman na basurang itinapon. May mga ilan kasing gumagamit ng mga plastic bags na hindi kaagad maaaninag ang nilalaman gaya ng makapal at madilim na lagayan. Sa kadahilanang ito, hindi posibleng suriin ang mga nilalaman ng mga bag sa oras ng pangongolekta ng basura at maraming insidente ng sunog na nagaganap sa mga trak ng basura at mga pasilidad sa pagproseso ng basura dahil sa mga spray cans, lighter at maliliit na rechargeable na baterya (mga mobile na baterya, atbp.) na naisasama sa mga nasabing uri ng basura. Ang ganitong mga aksidente ay nagdudulot ng pinsala sa mga trak ng basura at mga pasilidad na nagproproseso nito, pagpapahinto sa pagkolekta ng basura at operasyon sa pasilidad at maaaring humantong sa mga malubhang aksidente na mangyari sa buhay ng mga lokal na residente.

Upang maiwasan ang mga aksidente na nabanggit ay hindi na maaaring kolektahin ang mga plastic bags na ang nilalaman ay hindi madaling suriin. Gayundin, dapat isulat ang pangalan ng lugar (“jijikai”) at ang iyong buong pangalan sa plastic bag ng basurahan. Hinihiling ang kooperasyon ng lahat sa tamang paghihiwalay at pagtatapon ng basura.

## 3. Tungkol sa Pagbisita sa mga Pasilidad na Papasukan ng mga Pre-schoolers para sa Susunod na Taon na 2025.

Magkakaroon ng facility tours para sa mga batang ipapasok sa nursery, kindergartens o mga kagayang sertipikadong pasilidad para sa pangangalaga ng mga bata. Bagamat hindi na kailangan ang reserbasyon upang makasali dito, may mga pasilidad na kailangan pa ring tumawag upang mabisita ang lugar. Dapat samantalahin ang pagkakataon na ito. Ang umpisa sa pagtanggap ng aplikasyon sa pagpasok ng mga bata sa mga paalagaan ay mag-uumpisa sa Setyembre.
Ang mga pampublikong pasilidad gaya ng Kuranomachi, Otsuka, Hakonomori, Ohiranishi, Ohira Minami Daiichi, Fujioka Heartland, Tsuga Yotsuba, Iwafune at ang sertipikadong Nishikata Nakayoshi Kodomoen ay magkakaroon ng nasabing facility tour sa ika-24 ng Hulyo, Miyerkules mula ala 1:30 ng Hapon.
Para naman sa iskedyul ng mga pribadong pre-schools at iba pang katulad na sertipikadong pasilidad ay malalaman sa website ng lungsod. Mangyaring tignan na lamang dito.
Kung lalahok sa facility tour ay huwag kalimutang magdala ng sariling indoor shoes o slippers at panulat na ballpen.

## 4. Ang Pagpapalabas ng Bagong Salaping Papel sa Ika-3 ng Hulyo

Sa ika-3 ng Hulyo taong kasalukuyan ay maglalabas ng bagong 10,000yen, 5,000 yen at 1,000yen na perang papel. Ito ang unang pagkakataon sa loob ng 20 taon na babaguhin ang disenyo ng mga ilalabas na perang papel. May idinagdag na katangiang kontra counterfeiting maliban sa bagong disenyo. Ito ay upang maiwasan ang paggawa ng mga peke at palsipikadong banknotes.

Ang harap ng bagong 10,000 yen bill ay nagtatampok kay Eiichi Shibusawa, isang taong aktibo sa mundo ng negosyo at sinasabing naging bahagi sa pagtatayo ng humigit-kumulang 500 kumpanya noong nabubuhay pa siya at ang likod naman ay nagtatampok sa MarunoUchi Station isang makasaysayang gusali at mahalagang pag-aaring kultural.

Ang harapan naman ng bagong 5,000 yen ay si Umeko Tsuda, ang kauna-unahang haponesa na naging international exchange student. Siya ang naging instrumento upang ang mga kababaihan ay magkaroon ng moderno at mataas na edukasyon. Isa sa mga naitatag nya ay ang Tsuda Juku University.

At sa likod nmam ng bagong 5,000 yen ay ang bulaklak na kilala at tanyag na “Fuji” o Wisteria.

Sa bagong 1,000yen bill naman ay inilalarawan si Shibasaburo Kitazato, isang bacteriologist na kilalla bilang “Ama ng Bagong Medisina”. Siya ang dumiskubre sa paraan kung paano gamutin ang Tetanus. At ang likod nito ay ang paglalarawan sa obra maestro ng tanyag na ukiyoe artist sa panahon ng Edo na si Katsushika Hokusai na “Fugaku Sanjurokkukei Kanagawa Okinamiura”.

Ang sukat at laki ng mga bagong ilalabas na banknotes ay katulad lang ng mga ginagamit sa kasalukuyan. Ang teknolohiyang anti-counterfeiting na gagamitin sa unang pagkakataon sa mga bagong banknotes ay isang pamamaraan na tinatawag na ``sukiiri'', kung saan lumalabas ang mga larawan tulad ng mga portrait kapag ang banknote ay nakataas sa liwanag.

Ang ``Sukiiri'' ay tinatawag ding `Sukashi'', ngunit noong nakaraan, ang sukiiri para sa mga banknote ay para lamang sa mga portrait, ngunit sa mga bagong banknote, mayroong isang tuluy-tuloy na maliit na pattern na hugis diyamante sa background ng portrait. Gayundin, ang mukha na iginuhit sa 3D hologram ay gumagalaw depende sa angulong titignan. Ito ang unang pagkakataon sa mundo na ang teknolohiyang 3D hologram na ito ay ginamit sa mga banknotes.

Pagkalabas ng mga bagong perang papel ay maaari pa ring gamitin ang kasalukuyan mayroon ngayon kaya mag-ingat sa mga mapaglinlang o "scams" na magsasabing ito ay hindi na maaaring gamitin.